




Tungkol sa sistema ng Pambansang Seguro Ng Japan

Kapag mag umpisang magtrabaho sa isang kumpanya dito sa Japan, ibabawas sa inyong sahod ang mga premyum na bayarin ng segurong-panlipunan *Shakai Hoken Hokenryu*. Sa Japan ano ang ibig sabihin ng *Shakai Hoken* at ano ba ang pinupunto dito. Sa Japan ay mayron mga ibat ibang klase ng batas patungkol sa *Shakai Hoken*, walang pakialam kung ano ang nasyonalidad maari kayong maging miyembro nito.



◇ Mangyaring alamin po natin ang tungkol sa pagkakaiba ng **Sistemang Segurong Pangkalusugan (Kenkou Hoken)** para doon sa mga nagtratrabaho sa kumpanya at sa mga hindi

● Sa mga taong nagtratrabaho sa isang kumpanya na tumatanggap ng sahod

Sa pamamagitan ng pagtratrabaho sa kumpanya kailangan pumasok sa *Shakai Hoken*. Ibabawas ang premyum na bayarin ng seguro (*Hokenryo*) sa sahod ngunit babayaran ng kumpanya ang kalahati ng bayarin nito, at maari mo ring isali ang iyong pamilya bilang iyong dependent. Walang bayayaran sa *hokenryo* ang iyong pamilya. Ang *kenkou hoken* at *Nenkin* ay magkakasama mo itong sasalihan.

● Sariling nagtratrabaho, walang trabaho, para doon sa mga hindi nagtratrabaho sa kumpanya.

(At para doon sa mga taong hindi naangkop sa itaas)

Indibiduwal na magpapamiyembro kayo sa *Kokumin Kenkou Hoken*. Ang bayarin sa *hokenryo* ay kailangan bayaran. Sa malapit na munusipyo sa tinitirahan lugar lahat ng bayarin ay sarili mong bayad kasama pati ang bayarin ng bawat isa sa pamilya ganoon din sa pambansang seguro indibiduwal kang magpapamiyembro ito.

● Ang bayarin sa ospital ay nasa may 30% alin man sa dalawang seguro ay pareho. dagdag pa riyan kung ang bayarin sa pagpapagamot ay sakaling mataas, maaring makakuha ng benepisyo, ganon din sa panganganak at sa namatayan may makukuha din benepisyo. Sa *Shakai Hoken* sa oras na kapag nagpahinga dahil sa sakit at sa panganganak mayron ding benipisyong matatanggap bilang garantiyang bahagi ng sahod, subalit hindi ito sakup ng *Kokumin Kenko Hoken*.

◇ Tungkol sa proseso sa pagpasok at paglabas sa *Kenkou Hoken (Seguro sa Pangkalusugan)*

● Sa panahon na nagtratrabaho sa kumpanya

Kapag papasok sa *Shakai Hoken* ang kumpanya ang naglalakad sa pagproseso nito subalit ang proseso sa paglabas sa *kokumin kenkou hoken* ay kinakailangan gawin mo ito sa sarili mo. Upang hindi madoble ang iyong bayarin kailangan sumangguni ka sa malapit na munusipyo sa inyong lugar at gawin ang proseso sa paglabas.

● Kapag sa oras na magreretiro sa kumpanya

Kapag magretiro at mawalan na ng bisa ang iyong *shakai hoken*, hindi na magagamit pa ang iyong *hokenshou* ibalik kaagad ito sa iyong kumpanya. At pagkatapos pumunta sa munusipyo at mag apply ng *Kokumin Kenkou Hoken* kailangan mong gawin ang proseso para magkaroon ng *hokenshou*. Ang ibang seguro ay boluntaryong magpapatuloy mayron din mga pamamaraan na maari mong ipasok ang iyong pamilya dito maari mong ikumpirma ang tungkol dito.